# 8 Pag-asang Nagbabago

## Panimula

*Pwede pa bang magbago?*

Walang sinumang labis na wasak o sira na hindi kayang baguhin ng kapangyarihan ng Diyos. Iniaalok ni Jesus ang kapatawaran, kagalingan, at isang bagong simula sa sinumang lalapit sa Kanya. Ang bautismo ay simbolo ng bagong simula na ito—isang espirituwal na "muling pagsilang" kung saan iniiwan ang dating buhay at nagsisimula ng isang bagong buhay kay Cristo.

Anuman ang iyong nakaraan, kayang baguhin ni Jesus ang iyong hinaharap. Nagbibigay Siya ng pag-asa, hindi lang para sa walang hanggan kundi para sa ngayon (kasalukuyan), upang tayo'y mabuhay nang may layunin at kapayapaan.

Si Jesus – ang ating Pag-asa – ay nagbabago ng buhay.

### Ang Kuwento ni Chris Gardner

Ang buhay ni Chris Gardner ay kahanga-hangang halimbawa ng pagbabago. Noong unang bahagi ng dekada 1980, siya ay naging palaboy habang inaalagaan ang kanyang anak na lalaki. Sa kabila ng matinding hirap at pagsubok, nagawa niyang makapasok sa isang training program para sa mga stockbroker. Dahil sa kanyang determinasyon, katatagan, at walang sawang pagsisikap na magtagumpay, naitatag niya kalaunan ang sarili niyang brokerage firm. Ang kanyang kwento, na isinulat niya sa aklat na The Pursuit of Happyness at ginawan ng pelikula kung saan gumanap si Will Smith, ay isang makapangyarihang patotoo ng pagtatagumpay sa kahirapan at pagsubok sa buhay.

Nakaka-inspire ang tagumpay ni Chris Gardner ngunit ang iniaalok ng Biblia ay isang mas dakilang pagbabago—isang lubos na pagbabago ng puso, isipan, at ng ating walang hanggang kapalaran—higit pa sa anumang kayamanang materyal.

- Bagamat ang tagumpay sa pananalapi ay maaaring magpaganda ng buhay dito sa mundo, ang kaligtasan naman ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan kasama ang Diyos.
- Bagamat nalampasan ni Gardner ang kawalan ng tirahan, inililigtas naman tayo ng Diyos mula sa kasalanan at binibigyan ng tahanan sa Kanyang kaharian.
- Bagamat ang pagsusumikap ni Gardner ang nagdala sa kanya sa kayamanan, ang biyaya ng Diyos—hindi ang ating gawa—ang nagdadala sa atin sa kaligtasan.
- Bagamat nagtayo si Gardner ng malaking negosyo, inaanyayahan tayo ng Diyos na magmana ng Kanyang walang hanggang kaharian.

Ang pagbabagong iniaalok ng Diyos ay hindi lamang tungkol sa tagumpay sa buhay na ito, kundi isang radikal na pagbabago ng puso na nagdudulot ng kagalakan, kapayapaan, at walang hanggang pag-asa.

## Pagtalakay

Ang Biblia ay puno ng kuwento ng pagbabago—mga taong minsang ligaw, wasak, makasalanan, at walang pag-asa, ngunit nabago ng makatagpo nila si Jesus. Katulad ng pagbabagong naganap sa buhay ni Chris Gardner mula sa pagiging palaboy tungo sa tagumpay, higit na dakila ang pagbabagong iniaalok ni Jesus—ang pagbabago ng ating puso, karakter, at walang hanggang kapalaran.

Tuklasin natin ang mga kwento ng pagbabago sa Biblia at ang mga hakbang tungo sa ibagong buhay kay Jesus na magdadala sa bautismo.

### Hakbang 1: Pagkilala sa Ating Pangangailangan ng Pagbabago (Pagkaunawa sa Kasalanan)

Ang Alibughang Anak (Lucas 15:11-24)

- Napagtanto ng alibughang anak na siya'y naligaw, miserable, at malayo sa kanyang ama.
- Inamin niya ang kanyang mga maling desisyon at nagnanais na makabalik sa tahanan.

Roma 3:23 – "Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

> Nagsisimula ang tunay na pagbabago kapag kinilala natin na kailangan natin ang Diyos at hindi natin kayang magbago sa sarili nating kakayahan.

### Hakbang 2: Paglapit kay Jesus (Pagsisisi at Pagsuko)

Zacchaeus (Lucas 19:1-10)

- Si Zacchaeus, isang maniningil ng buwis at kilalang makasalanan, ay nagnais na makita si Jesus sa kabila ng kanyang nakaraan.
- Tinawag siya ni Jesus sa pangalan, at tumugon si Zacchaeus sa pamamagitan ng pagsisisi at pangakong isauli ang kanyang ninakaw.

Gawa 3:19 – "Magsisi nga kayo at manumbalik sa Diyos upang mapawi ang inyong mga kasalanan."

> Kapag lumalapit tayo kay Jesus nang may pagsisisi, tinatanggap Niya tayo at sinisimulan ang pagbabago sa ating buhay.

### Hakbang 3: Pagtanggap ng Kapatawaran at Bagong Puso (Espirituwal na Pagbabago)

Ang Babaeng Nahuli sa Pangangalunya (Juan 8:1-11)

- Dinala ang babae kay Jesus upang hatulan, ngunit sa halip na hatol, ibinigay Niya ang kapatawaran at isang bagong simula.
- Sinabi ni Jesus, "Humayo ka at huwag ka nang magkasala," na nagpapakita na ang Kanyang biyaya ay nagdadala ng tunay na pagbabago.

Ezekiel 36:26 – "Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong Espiritu."

> Hindi lamang pinapatawad ni Jesus ang ating nakaraan—binibigyan Niya rin tayo ng bagong puso at ng kapangyarihang mamuhay nang may pagbabago.

### Hakbang 4: Paghubog ng Karakter na Katulad ni Cristo (Paglago sa Pananampalataya)

Ang Pagbabago ni Pedro (Lucas 22:54-62 → Gawa 2:14-41)

- Itinanggi ni Pedro si Jesus ng tatlong beses, ngunit pagkatapos niyang tumanggap ng Banal na Espiritu, naging matapang siyang mangangaral ni Cristo.
- Ipinapakita ng kanyang kwento na kahit tayo'y nagkamali, patuloy tayong hinuhubog ng Diyos kung mananatili tayo sa Kanya.

Galacia 5:22-23 – "Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, at pagpipigil sa sarili."

> Ang pagbabago ay hindi agad-agad—ito ay isang paglalakbay ng patuloy na paglago kay Cristo.

### Hakbang 5: Pagpapahayag ng Bagong Buhay (Bautismo bilang Tanda ng Pagsunod)

Ethiopian Eunuch (Gawa 8:26-39)

- Pagkarinig niya ng ebanghelyo kay Felipe, siya ay sumampalataya at agad na nagpabautismo.
- Ang kanyang bautismo ay hayagang pahayag na tinanggap niya si Jesus at nagsimula na ng bagong buhay.

Roma 6:3-4 – "Tayo'y inilibing na kasama Niya sa bautismo upang... tayo rin ay makapamuhay sa isang bagong buhay."

> Ang bautismo ay sumasagisag sa pagkamatay ng dating pagkatao at muling pagkabuhay sa isang bagong buhay na kasama si Cristo.

### Hakbang 6: Pamumuhay bilang Alagad ni Jesus (Katapatan sa Dios)

Ang Misyon ni Pablo (Gawa 9:1-22 → 2 Timoteo 4:7-8)

- Si Pablo (dating si Saulo) ay umusig sa mga Kristiyano, ngunit matapos niyang makilala si Cristo, inialay niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Kanya.
- Sa kabila ng mga pagsubok, siya'y nanatiling tapat hanggang sa huli.

Mateo 28:19-20 – Iniuutos sa atin ni Jesus na gumawa ng mga alagad at ituro sa kanila ang pagsunod sa lahat ng Kanyang iniutos.

> Ang binagong buhay ay tuloy-tuloy na buhay ng katapatan at paglilingkod.

## Panawagan

Ang pagbabagong iniaalok ni Jesus ay higit pa sa anumang tagumpay sa mundong ito. Ito ay pangako ng bagong puso, bagong layunin, at buhay na walang hanggan na kasama Niya.

- Pagod ka na ba sa pamumuhay na puno ng guilt, kasalanan, o kawalan ng saysay?
- Nais mo ba ng isang bagong buhay na may kapayapaan, kagalakan, at kahulugan?
- Nais mo bang hayagang ipahayag ang iyong pananampalataya kay Jesus sa pamamagitan ng bautismo?

Ngayon na ang tamang panahon! Kung paanong tumugon sina Zacchaeus, Pedro, Pablo, at ang taga-Etiopia kay Jesus, Siya rin ay tumatawag sa iyo ngayon. Lumapit ka, magpabautismo, at simulan ang paglalakbay ng pagbabago kasama si Cristo!

2 Corinto 6:2 – "Ngayon ang panahon ng pagpapala ng Diyos; ngayon ang araw ng kaligtasan!"

Tutugon ka ba ng OO kay Jesus ngayon?

## Pangwakas na Pananalita para sa "Enduring Hope" Series

Habang tinatapos natin ang seryeng *Enduring Hope*, balikan natin ang paglalakbay na ating pinagsamahan—isang paglalakbay ng pagbabago, pananampalataya, at at matatag na pag-asa na matatagpuan lamang kay Jesu-Cristo.

Sa mga buhay ng mga karakter sa Biblia at mga tunay na kwento, nakita natin na walang sitwasyong masyadong malala, walang nakaraan na sobrang wasak, at walang pusong sobrang ligaw na hindi kayang baguhin at ipanumbalik ng Diyos.

Ang pag-asa ay hindi isang panandaliang damdamin, kundi isang matibay na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos.

- Pag-asang nananatili sa oras ng pagsubok dahil ang Diyos ang ating kanlungan at lakas (Awit 46:1).
- Pag-asang nagpapatatag sa atin sa proseso ng pagbabago, dahil Siya na nagsimula ng mabuting gawain sa atin ay magtatapos nito (Filipos 1:6).
- Pag-asang umaakay sa kaligtasan, dahil kay Cristo, tayo'y bagong nilalang (2 Corinto 5:17).

Bago tayo magtapos, nais kong iwan sa inyo ang hamong ito:

- Kumapit kay Jesus, ang Tangkulan ng inyong kaluluwa (Hebreo 6:19).
- Isabuhay ang inyong pananampalataya nang may katapangan, bilang patotoo sa mundo (Mateo 5:16).
- Huwag titigil sa paglago kay Cristo, sapagkat ang Kanyang biyaya ay walang hanggan (2 Pedro 3:18).

Kung nangusap s aiyo ang Diyos sa seryeng ito—kung naramdaman mong tinatawag ka Niya sa mas malalim na pagtatalaga, sa bautismo, o sa panibagong pananampalataya—huwag kang mag-atubili. Hindi dito nagtatapos ang paglalakbay. Ito lamang ay simula ng isang buhay na puspos ng matatag na pag-asa mula sa paglakad kasama si Jesus.

Maraming salamat sa iyong pakikiisa sa seryeng ito. Nawa'y patuloy kang lumago, magtiwala, at umasa—hanggang sa araw na makaharap natin si Jesus, ng mukhaan.

Pagpalain kayong lahat ng Diyos!